IslamHouse.com

Osoul Center
www.osoulcenter.com



PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

# ANG KASAYSAYAN NG KA'BAH SA MAKKAH

(Ang Unang Bahay-Dalanginan sa Balat ng Lupa)

Tinipon at Isinalin sa Filipino (Tagalog) ni
**Ahmad Jibreel Salas**

Sinuri ni
**Mohammad Taha Ali**

# تاريخ الكعبة

إعداد وترجمة
أحمد جبريل سالاس
مراجعة
محمد طه علي

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

ح جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالربوة، ١٤٤٣هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

سالاس، أحمد جبريل

تاريخ الكعبة. اللغة الفلبينية . / أحمد جبريل سالاس. - الرياض، ١٤٤٣هـ

٦٠ ص، ١٢ سم x ١٦,٥ سم

ردمك : ٩-٠٦-٨٣٥٢-٦٠٣-٩٧٨

١- الكعبة - تاريخ أ. العنوان

ديوي ٢١٥,١ ١٤٤٣/٢٠٣٦

رقم الايداع: ١٤٤٣/٢٠٣٦

ردمك : ٩-٠٦-٨٣٥٢-٦٠٣-٩٧٨

مركز أصول
OsoulCenter
www.osoulcenter.com

This book has been conceived, prepared and designed by the Osool International Centre. All photos used in the book belong to the Osool Centre. The Centre hereby permits all Sunni Muslims to reprint and publish the book in any method and format on condition that 1) acknowledgement of the Osool Centre is clearly stated on all editions; and 2) no alteration or amendment of the text is introduced without reference to the Osool Centre. In the case of reprinting this book, the Centre strongly recommends maintaining high quality.

+966 11 445 4900

+966 11 497 0126

P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

osoul@rabwah.sa

www.osoulcenter.com





Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin,
Ang Maawain



# ANG MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| Ang Panimula | 9 |
| Gitnang Silangan – Ang Pinagpalang Pook | 11 |
| Si Propeta Ibrahim at Ang Kanyang Pananampalataya | 17 |
| Ang Makkah | 18 |
| Ka'bah – Ang Kahulugan at Kahalagahan Nito | 21 |
| Qiblah – Ang Diwa ng Pagkakaisa | 27 |
| Ang Zamzam – Ang Pinagpalang Tubig | 32 |
| Maqam Ibrahim – Ang Kinatayuan ni Ibrahim | 42 |
| Ang Hijr | 44 |
| Ang Al-Hajar Al-Aswad (Ang Batong Itim) | 45 |
| Ang Multazam | 47 |
| Ang Kiswah (Takip ng Ka'bah) | 49 |
| Ang Hajj ay Ipinag-utos | 51 |
| Ang Huling Pananalita | 57 |



# ANG PANIMULA

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay para sa Allah lamang, na Siyang ating pinupuri at Siyang ating hinihingan ng tulong. Idinadalangin natin sa Kanya ang ating kapatawaran at patnubay at nagsusumamong nawa'y tayo ay pangalagaan Niya laban sa ating mga sariling kasamaan at makasalanang gawain. Sinuman ang patnubayan ng Allah ay walang sinumang makapaglilihis sa kanya sa pagkaligaw, at sinuman ang ilihis ng Allah sa pagkaligaw ay walang sinumang makapagpapatnubay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, ang tanging nag-iisa at walang katambal o kasama (sa pagiging Isang Diyos). At ako rin ay sumasaksi na si Muhammad (Sallallaahu alaihi wasallam)[(1)]

1 Nawa'y ipagkaloob ng Allah ang Kanyang Pagpapala at Salam kay Propeta Muhammad. Ang **Pagpapala** ng Allah kay Propeta Muhammad ay ang Kanyang Papuri sa Propeta sa harap ng mga anghel na malapit sa Kanya, na nasa ikapitong kalangitan. Ang mga Anghel ay pumupuri rin sa kanya. Ang **Salam** ay nauukol sa pangangalaga ng Allah kay Propeta Muhammad laban sa kakulangan at anumang uri ng kasamaan. Kapag ang isang Muslim ay nagsabi ng : **Sallallaahu alaihi wasallam**, siya ay dumadalangin sa Allah na igawad ang Kanyang Papuri at Pangangalaga kay Propeta Muhammad. Tingnan ang Ibnul Qayyim Jalaa'ul Afham Fee Fadlis Salaati-was-Salaam 'Ala Muhammadin Khairil 'Anaam, pahina 128. Inilathala ng Daar Ibn Kathir, Damascus, at Maktabat Daar At-Turaath, Al Madinah, 1408 Hj/1988.

ay Kanyang alipin at sugo. Nawa'y ipagkaloob ng Allah ang pinakamabuting gantimpala para sa kanyang Ummah (pamayanan) at pagpalain at gantimpalaan ang lahat ng kanyang mga kasamahan sa kanilang mga pagtitiis at katapatan sa pagpapalaganap ng Deen (relihiyon)[1] para sa kanilang mga sumusunod na henerasyon hanggang sa Huling Araw.

1 **Deen**: Ang salitang Deen ay isinalin bilang Relihiyon, na sa wikang Arabik, ito ay karaniwang tumutukoy at umuugnay sa isang Pamamaraan ng Buhay, maging ito man ay pansarili o pangkalahatan. Ito ay isang malawak na kataga na may kahulugan na: 'mga gawang pagsamba, masusing alituntuning nauukol sa kagandahang-asal, kabilang na rito ang kalinisan at tamang pag-uugali'. Ang Deen ay higit na malawak sa kahulugan kaysa sa konseptong 'relihiyon' ng mga di-Muslim. Sa aklat na ito gagamitin natin ang Deen bilang relihiyon sa malawak na pananaw na tumutukoy sa Islamikong konsepto bilang Isang natatanging Pamamaraan ng Buhay. (Karagdagan mula sa tagapagsalin sa wikang Pilipino.)

# GITNANG SILANGAN[1] - ANG PINAGPALANG POOK

Ang Gitnang Silangan ay itinuturing bilang isa sa mga naunang pinagmulan ng kabihasnan ng tao. Mula sa larangan ng agham, sining, kultura, kaugalian hanggang sa paksang relihiyon, ang Gitnang Silangan ay patuloy na naghahandog sa sangkatauhan ng naiibang kaunlarang batay sa likas nitong yaman at kasaysayan.

Maituturing ang Gitnang Silangan bilang isang pinagpalang pook sa buong daigdig. Dito isinilang ang karamihan sa mga kinikilalang Propeta[2] ng Dakilang Allah tulad nina Nuh, Ibrahim, Ismail, Ishaq, Daud, Sulaiman, Ya'qub, Musa, Harun, Yahya, Isa at Muhammad (ﷺ). Ang kanilang pinag-ugatan ay nagmula sa iisang angkan.

1 Gitnang Silangan o Middle East.

2 Ang mga Propeta ng Diyos (Allah) ay binanggit sa wikang Arabik at nilagyan ng lakip na panaklong para sa kanilang mga pangalang karaniwang nababasa sa wikang Tagalog at Ingles partikular na sa Bibliya upang ito ay maunawaan ng mga mambabasa. Adam (Adan) Nuh (Noah), Ibrahim (Abraham), Ismail (Ismael), Ishaq (Isaak), Daud (David), Sulaiman (Solomon), Ya'qub (Hakob), Musa (Moises), Haron (Aaron), Yahya (Juan Bautista), `Isa (Hesus) at Muhammad (ﷺ) Ngunit sa mga sumunod na mga pahina, gagamitin ang kanilang mga pangalan nang ayon sa Wikang ginamit sa Banal na Qur'an, ang Wikang Arabik.

Si Propeta Ibrahim ay nagmula sa bayan ng **Ur** (sa Iraq) at pagkaraan ay naglakbay sa iba't ibang karatig-bayan ng Gitnang Silangan. Siya ay nagkaroon ng dalawang anak, sina Ishaq at Ismail. Mula sa angkan ni Ishaq, lumitaw si Propeta Ya'qub at ang kanyang labindalawang-anak. At mula sa labingdalawang anak, isinilang ang maraming Propeta at Sugo. Sila ay lumaki at namuhay sa mga magkakalapit na lupain tulad ng Jordan, Syria, Turkey, Ehipto, at sa disyertong bahagi ng Arabia. Sina Musa at Haron ay isinilang sa Ehipto (sa panahon ni Haring Fir'aun). Sina Isa at Yahya ay isinilang sa Palestina (kilala sa kasalukuyan sa tawag na Israel). Sa dakong Arabia, naglakbay at namuhay din sina Propeta Ibrahim at ang kanyang asawang si Hajar at anak na si Propeta Ismail. At mula sa lahi ni Propeta Ismail lumitaw ang ilang Propetang tulad nina Salih at ang pinakahuli sa lahat - si Propeta Muhammad (ﷺ).

Sa aklat na ito, bibigyan ko ng kaukulang paglalarawan ang isang bahagi ng Arabia - ang bayan ng Makkah, ang kahalagahan nito sa relihiyong Islam at ang kaugnayan nito kay Propeta Ibrahim at ang kanyang pamilya. Ang kinatatayuan ng Ka'bah ay isang dahilan kung bakit ang Makkah ay itinuturing bilang isang pinagpalang pook at tinagurian bilang isa sa mga banal na lupain.

Ang ilang bahagi ng aklat na ito ay nakatuon ng pansin sa pagsasalaysay ng Ka'bah - ang unang bahay-dalanginan,

ang pinagmulan at pagkakatayo nito at ang kaugnayan ng Ka'bah sa mga Propeta ng mga lumipas na panahon.

Hindi maikakaila na hanggang sa kasalukuyang panahon, ang mga kaaway ng Islam ay patuloy na tinutuligsa ang relihiyong Islam. Ang isa sa paratang nila ay ang pagsasabi na ang mga Muslim ay sumasamba sa Ka'bah. Maaaring ang karamihan sa mga di-Muslim ay ngayon lamang mababatid na ang Ka'bah (at maging ang buong paligid ng Makkah) ay may kaugnayan sa lahat ng Propeta ng Diyos (Allah). Ang mga salaysay at kasaysayang nauukol sa mga Propeta ay maituturing natin bilang halimbawa:

At mula sa salaysay na iniulat ni Hanzala Al-Aslami na nagsabing: Aking narinig kay Abu Hurairah na isinalaysay ng Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsabing:

**"Isinusumpa ko sa Kanya (sa Allah) na Siyang may tangan ng aking buhay. Si `Isa (Hesus, anak ni Maria) ay katiyakan na magpapahayag ng Talbiyah[1] para sa Hajj o para sa Umrah (o pinagsabay na Hajj at Umrah (Al Qiran) sa lambak ng Rauha."**[2]

---

1 Labbaika allaahumma Labbaik. Labbaika laa Shareeka laka Labbaik Innal Hamda wan ni'imata laka wal mulk, Laa Shareeka lak.
(Narito ako, upang maglingkod sa Iyo (O, Allah) aking Rabb (Panginoon), narito ako." Narito ako. Ikaw ay walang katambal. Narito ako. "Katotohanan ang lahat ng papuri at pagpapala ay para lamang sa Iyo (O, Allah). At sa Iyo ang lahat ng Kapamahalaan. At Ikaw ay walang katambal (sa aming pagsamba)." Ito ay bahagi ng ritwal ng Hajj at Umrah).

2 Sahih Muslim Hadith Bilang (2878) Aklat vol 7.

Isinalaysay ni Abdullah Ibn Umar na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Habang ako ay natutulog sa tabi ng Ka'bah, nakita ko sa aking panaginip ang isang lalaking kayumanggi na pinakamainam sa lahat ng mayroong kayumangging kulay at ang kanyang buhok ay mahaba na lumalaylay sa pagitan ng kanyang balikat. Ang kanyang buhok ay malambot at matuwid at ang tubig ay tumutulo sa kanyang ulo at inilalagay niya ang kanyang dalawang kamay sa balikat ng dalawang lalaki habang siya ay umiikot sa palibot ng Ka'bah. Ako ay nagtanong, Sino siya? Sila ay sumagot, "Siya ay si `Isa (Hesus), ang anak ni Maryam."**(1)

Mayroon ding Hadith (o salaysay) na ang Makkah ay nakaugnay kina Musa at Yunus. Si Imam Ahmad ay nagsabi ayon sa mapananaligang pag-ulat ni Abdullah ibn Abbas na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay napadaan sa lambak ng Al-Azraq at siya ay nagtanong:

**"Anong lambak ito? Sila ay nagsabi: "Ito ay ang lambak Al-Azraq. Siya ay nagsabi: "Wari bang ako ay nakasulpyap kay Musa na bumababa sa mga daanan ng bundok at siya ay (Talbiyah) nananawagan sa Allah sa malakas na tinig: "Labbaika Allaahumma Labbaik. Hanggang siya ay nakarating sa daan ng bundok ng**

---

1 Sahih Al-Bukhari – Vol.4, Aklat Bilang (55), Hadith Bilang (649).

**Harsha. Siya ay nagsabi: "Anong bundok ito? Sila ay nagsabi: "Ito ang mga daan ng bundok ng Harsha. Siya ay nagsabi: "Wari bang aking nasusulyapan dito si Yunus, ang anak na lalaki ni Matta, nakasakay sa isang kamelyo na nakabalabal ng lana (wool) at ang tali ng kanyang kamelyo ay yari sa Khulbah (yari sa hibla ng dahon ng datiles) at nagsasabing: "Labbaika Allaahumma Labbaik." [Ibn Kathir, Stories of the Prophets]**

Mula sa aklat ni Ibn Kathir na may pamagat na "Stories of the Prophets" ating mababasa na inutusan ni Adam (Adan) ang kanyang dalawang anak na sina Cain at Abel(1) na mag-alay ng sakripisyo sa Allah at pagkaraan, siya ay nagtungo sa Makkah upang magsagawa ng Hajj (pilgrimahe). Samakatuwid, si Adam ay nakapagsagawa na ng Hajj bilang isang tungkuling pinag-utos ng Allah.(2)

Kaya, ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga di-Muslim upang maglaho sa kanilang kaisipan ang mga maling pag-aakala hinggil sa mga bagay na hindi nila ganap na nauunawaan.

Ang Ka'bah ay isang pook ng pagsamba at dalanginan na karaniwang nakikita tulad ng mga simbahan, sinagoge, masjid (moske), at tabernakulo.

---

1 Qabil (Cain) at Habil (Abel) sa wikang Arabik

2 Ibn Kathir, Stories of the Prophets" sa pahina bilang 18

Katotohanan, ang sagradong pook ay kilala na mula pa sa panahon ni Propeta Adam (Adan). Ayon sa mapananaligang kasaysayan, si Propeta Adam ang siyang naglagay ng mga haligi ng sagradong bahay-dalanginan at pagkaraan ng maraming taon ay muling itinayo nina Propeta Ibrahim at ang kanyang anak na si Propeta Ismail.

Ang Ka'bah ay ginagamit din bilang tanda ng Qiblah (direksiyon ng pagharap) kung saan ang mga Muslim ay humaharap sa kanilang pagdarasal. Ito ay naglalarawan ng Kaisahan ng sangkatauhan sa ilalim ng kapangyarihan ng Nag-iisang Diyos - ang Allah.

# SI PROPETA IBRAHIM AT ANG KANYANG PANANAMPALATAYA

Si Propeta Ibrahim ay kinikilala ng mga kristiyano, Hudyo at Muslim. Siya ang Propetang nakaugnay sa tatlong relihiyon sa buong daigdig - ang Islam, Kristiyanismo at Judaismo. Ang pinag-ugatang lahi ng mga Hudyo at Arabo ay nagmula sa kanyang dalawang anak na sina Ismail at Ishaq. Sa lahi ni Ishaq nagmula ang mga kinikilalang Propetang ay sina Daud, Sulaiman, Musa, Haron, `Isa, Yahya, Yusuf at iba pa samantalang sa lahi naman ni Ismail nagmula ang mga arabong Propetang sina Salih, at ang huling Propetang si Muhammad (ﷺ). Sa maikling salita, ang mga Hudyo, Kristiyano at Muslim ay magkakapatid sa iisang pinagmulang lahi ni Propeta Ibrahim. Mula sa isang mapananaligang Hadith na naitala ni Abu Dawud, Ahmad at At-Tabari, si Abu Hurairah ay nagsalaysay na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang mga Propeta ay magkakapatid; ang kanilang mga ina ay magkakaiba, nguni't ang kanilang relihiyon ay isa. Sa lahat ng sangkatauhan, ako ang mayroong**

**higit na karapatan kay `Isa (Hesus, anak ni Maryam), sapagka't walang propeta sa pagitan namin.."**[1]

Ang Hadith na ito ay nagpapaliwanag na ang mga Propeta ay magkakapatid sapagka't ang kanilang relihiyon ay isa lamang. Sa diwa ng Islam, ang pagkakapatiran sa relihiyong Islam ay nakahihigit kaysa sa pagkakapatiran sa dugo sapagka't ang ugnayan ng bawa't Muslim ay nakatuon sa pagmamahal sa Allah. Ang pagmamahal sa Allah ay nakahihigit sa anumang pagmamahal sapagka't sa Allah ang pinagmumulan ng lahat ng uri ng pagmamahal maging ito man ay pagmamahal sa magulang, asawa, mga anak, mga kamag-anakan, kaibigan o sa sinuman sa sangkatauhan.

## Ang Makkah

Ang pook na kung saan nakatayo ang Makkah ay naging paksa ng mga kasaysayang umabot mula sa mga unang panahon. Binanggit ng Qur'an at ng Bibliya ang naunang pangalan Bakka[2] bilang pook ng pagsamba.

**{Katotohanan, ang unang bahay-dalanginan na itinatag para sa sangkatauhan ay ang nasa Bakka (Makkah), pinagpala at isang patnubay para sa lahat ng mga nilikha}. (Qur'an 3:96)**

---

1 Abu Daud Hadith Bilang (4324), Ahmad Hadith Bilang 2:406 at At-Tabari Hadith Bilang 9:388.

2 Makkah o Bakka o Bacca - tatlong magkakaibang pagbaybay nguni't isa ang tinutukoy, ang Makkah sa Tangway ng Arabia na ngayon ay tinatawag sa makabagong panahon na Kaharian ng Saudi Arabia. Ang Bacca ay matatagpuan sa Bibliya Old Testament Psalms 84:5-6

Ang Makkah ay banal na lupain, ang siyang pinakamamahal na lupain ng Allah at ng Kanyang Sugo (ﷺ). Ayon sa Banal na Qur'an, ang Makkah ay tigib ng katiwasayan at kabanalan:

**{… At sinumang nakapasok dito ay makakamtan nito ang kaligtasan…}. (Qur'an 3:97)**

At sinabi rin ng Dakilang Allah na:

**{(Isinusumpa Ko) sa Lungsod na ito (ang Makkah)…}. (Qu'ran 90:01)**

At mula naman sa isang mapananaligang Hadith, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Sumpa man sa Allah, (O Makkah), ikaw ang pinakamainam na lupain ng Allah, ang pinakamamahal na lupain ng Allah. Kung hindi lamang na ako ay itinaboy nang papalayo sa iyo, hindi kita iiwanan."**[1]

Iniulat na sinabi ni Ka'b na sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

**"Ang ibang lupain ay itinangi ng Allah nang higit sa iba, ang pinakamamahal na lupain (sa paningin) ng Allah ay ang Al-Balad Al- Haram."**[2] (ito ang isa sa mga pangalan ng Makkah).

---

1 Ahmad Hadith vol 4 Bilang (305). Ad-Darimi Hadith Bilang 2513, At Tirmidhi Hadith Bilang (3925) at Ibn Majah Hadith bilang (3108). Isinaalang-alang nina Shaikh Albani sa Sahih At-Tirmidhi at Sahih Ibn Majah.

2 Bahagi ng mahabang salaysay na iniulat ni Al-Baihaqi sa Ash-Shuaib mula kay Ka'b At Tabi-i. Ang mga taong binanggit sa kawing ng pagsalaysay nito ay mapananaligan at mapagkakatiwalaan. Tingnan ang Ash-Shuab inilathala sa India Bilang (3465).

Ang Makkah ay siyang pook ng Qiblah (direksiyong kinahaharap sa oras ng pagdarasal ng mga Muslim, at ito ang pook na pinagtitipunan ng lahat ng Muslim sa panahon ng Hajj. Ito ay ginawang sagrado ng Allah at binigyan ng natatanging paggalang mula pa sa araw na Kanyang nilikha ang mga kalangitan at kalupaan.

Ang **Bakka** ay lumang pangalan ng Lungsod ng Makkah at may kahulugan na "pagtangis". Ayon sa paliwanag tungkol sa pangalan nito, sinasabi na ang mga taong mapang-abuso at mapagmalaki ay tumatangis at nagiging mapagpakumbaba sa kapaligiran ng pinagpalang lugar na ito.

Ayon naman sa kahulugan nito sa wikang Hebreo, ang Bacca ay lambak ng pagtangis, kaya naman matutunghayan sa tagalog Bibliya ng Lumang Tipan (Awit 84:6) na ang Valley of Bacca ay isinalin bilang libis o lambak ng pag-iyak at sa wikang Ingles bilang **"Valley of weeping."** At ang tinutukoy na bukal sa talatang ito ay ang bukal Zamzam na nasa tabi ng Ka'bah.

Ang iba naman ay iniugnay ang pangalang Bakka at ang pagtangis sa kasaysayan ni Hajar, ang isa sa asawa ni Propeta Ibrahim. Si Hajar ay nakadama ng labis na dalamhati at siphayo habang siya ay masidhing naghahanap ng tubig sa tigang na lupain sa palibot ng Ka'bah na kung saan siya ay iniwan ni Propeta Ibrahim upang doon palakihin ang kanilang anak na lalaking si Ismail na noon ay sanggol pa lamang.

Sa loob ng bayan ng Makkah, matatagpuan ang Ka'bah, ang unang bahay-dalanginan na itinayo para sa pagsamba sa nag-iisang Diyos, ang Dakilang Allah.

## Ka'bah - Ang Kahulugan at Kahalagahan Nito

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{…Ginawa ng Allah ang Ka'bah, ang sagradong bahay (bilang santuwaryo ng kaligtasan) na magtataguyod ng kapakinabangan para sa sangkatauhan…}. (Qur'an 5:97)**

Ang Ka'bah ay sagradong bahay-dalanginan ng Allah na nakatayo sa gitna ng Masjid. Ayon kay Al Azraqi mula kay Abu Nujaih, na nagsabi: 'ito ay tinawag na Ka'bah sapagka't ito ay hugis parisukat (Muka'ab) o ito ay nasa anyo ng **Kubo** (Ka'b). Ito ay tinawag ding Ka'bah, sapagka't ito ay kuwadrado (Murabba'). Ganoon din ang pagkakapaliwanag ng mga iskolar ng Islam na kinabibilangan nina Ikrimah at Mujahid. Ayon sa ibang paliwanag, ito ay tinawag na Ka'bah sapagka't ito ay bahagyang nakaangat sa lupa.

Kilala din ang Ka'bah sa tawag na Al-Bayt Al-Atiq (**Ang Lumang Bahay)**, sapagka't ayon kay Abdullah ibn Az-Zubair, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ito ay tinawag na Al-Bayt Al-Atiq sapagka't ito ay malaya (A'taqahu) mula sa pangangasiwa ng mga mapang-abuso o mapang-api, at walang sinumang mapang-abuso ang nangibabaw dito."**[1]

1 At-Tirmidhi Hadith Bilang (3170)

Ang **Ka'bah** ay bantog din sa tawag na **Al-Bayt Al-Ḥarām** (**Ang Sagradong Bahay)** at "Ang Bahay ng Allah (**Baytullah**).

Bagama't tinutukoy ang Ka'bah bilang Baytullah o Bahay ng Allah, hindi ito pinaniniwalaan na ang Allah ay naroroon mismo sa Ka'bah, at hindi rin pinaniniwalaan na ang Ka'bah ay isang materyal na bagay na sinasamba sapagka't ang isa sa mga pangunahing aral ng Islam ay ang tuwirang pagtakwil sa **idolatriya**[(1)] **-** tinatawag na Shirk sa wikang arabik (ito ay gawaing pagsamba na inilalaan sa anumang nilikha, maging ito man ay isang anghel, propeta, bato, santo o santa, araw, bituin , buntala at iba pa.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi ayon sa Banal na Qur'an:

**{At sa Allah ang (pagmamay-ari ng) Silangan at ng Kanluran kaya saan man ninyo ibaling ang inyong sarili (o ang inyong mukha) naroroon ang Mukha ng Allah (at Siya ay nasa Kaitaas-taasan ng Kanyang Luklukan). Katotohanan, ang Allah ay Tigib ng Biyaya (para sa pangangailangan ng Kanyang mga nilikha), Ganap na Maalam}. (Qur'an 2:115)**

---

1 Idolatriya - tinatawag na Shirk sa wikang arabik. Ang Shirk ay gawaing pagsamba na inilalaan sa anumang nilikha, maging ito man ay isang anghel, propeta, bato, santo o santa, araw, bituin , buntala at iba pa. Ang mga taong sumasamba sa mga nilikha lamang ay tinatawag ng Mushrik (isahan) o Mushrikun (maramihan)

Bunga ng kamangmangan at kawalan ng tamang kaalaman ng ilang tao, marami sa mga di-Muslim ang hindi nakauunawa sa kahalagahan ng Ka'bah. Isang malaking kamalian ang iparatang na ang pamamaraan ng pagdarasal at Hajj ay nagmula sa mga labi ng mga ritwal ng mga pagano na ginagawa sa mga panahong iyon bago pa dumating ang Islam.

Ang lahat ng uri ng pagsamba na inilarawan ng Huling Sugo na si Propeta Muhammad (ﷺ) ay walang kaibahan sa mga gawaing pagsamba ng mga Propetang nauna sa kanya.

Bigyan natin ng paglalarawan o halimbawa kung paano isinasagawa ng mga Propeta ang ilang pangunahing uri ng pagsamba.

- <u>Ang kanilang paniniwala at pagsamba sa Nag-iisang Diyos.</u> Lahat ng Propeta at ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay tuwirang sumasamba lamang sa kanilang Nag-iisang Panginoon at Tagapaglikha. Walang sinuman sa kanila ang nag-anyaya sa kanila-kanilang mamamayan upang sumamba sa isang anghel, propeta o anupamang nilikhang bagay.

- <u>Ang kanilang pamamaraan ng pagdarasal.</u> Ang ritwal ng pagdarasal ng mga Propeta ay magkakatulad. Isa sa mga pangunahing pangangailangang dapat isagawa bago magdasal ay ang paglilinis o paghuhugas ng ilang bahagi ng katawan. Sa kanilang pagdarasal, silang lahat ay nagpapatirapa ng kanilang mga sarili.

- Ang kanilang Kawanggawa. Ang pamamaraan ng kawanggawa ng mga Propeta ay magkakatulad. Ang kawanggawa[1] ay ipinamamahagi sa mga kapus-palad at dukha. Ang kanilang kawanggawa ay nagmumula sa kanilang marangal na hanapbuhay o kalakal.

- Ang kanilang Pag-aayuno. Lahat ng Propeta ay nag-aayuno at ang pamamaraan ng pag-aayuno nila ay magkakatulad.

- Ang kanilang Pagsasagawa ng Hajj. Ang Hajj ay tungkuling itinagubilin ng Dakilang Allah sa sangkatauhan, kaya naman pinaniniwalaan na ang mga Propeta ng Allah ay nagsagawa ng Hajj sa kanilang panahon. Katulad ng nabanggit na mga Hadith (mga salaysay) at kasaysayan sa itaas, sina Adam, Isa, Musa at Yunus ay may kaugnayan din sa Hajj. Napakahalaga sa isang tao ang pagkakaroon ng malawak na pang-unawa at tamang kaalaman upang maiwasan ang maling paghusga. May mga ritwal na kadalasan ay ipinagkakamali bilang ritwal ng idolatriya.

Ang kahalagahan ng Ka'bah ay hindi ang pisikal na kayarian o kinatatayuan nito kundi ang ispirituwal at damdamin ng Muslim na kanyang nadarama tulad ng

1 Sa panahong kasalukuyan, ang pinagkukuhanan o pinanggagalingan ng kawanggawa ay nagmumula sa mga iba't ibang uri ng loterya tulad ng bingo, sweepstakes, jueteng, beauty contest o anumang paligsahan na maaaring kasangkutan ng mga pinagbabawal na gawain.

damdaming nadarama sa Herusalem at maging sa **Masjid Al-Aqsa** na nakatayo rito.

Ang mga kaaway ng Islam ay nagsasabi na ang paghalik sa Batong Itim sa panahon ng Hajj ay isang uri ng pagsamba sa mga diyus-diyusan. Ito ay walang katotohanan at sadyang malayo sa tunay na katuruan ng Islam

Ang paghalik o paghawak sa Batong Itim ay hindi tanda ng pagsamba rito sapagka't ito ay ginawa ng Sugo ng Allah (ﷺ) bilang kanyang Sunnah. Ang paghalik sa anupamang bagay ay hindi nagpapahiwatig ng pagsamba. Hinahalikan natin ang ating magulang, mga anak, asawa at mga malalapit na kamag-anak o kaibigan, nguni't ito ay hindi nangangahulugan na sila ay ating sinasamba bagkus ito ay tanda ng paggalang.

Isang pangunahing bahagi ng paniniwala at prinsipyo ng Islam na sinuman ay hindi dapat magbigay ng katambal sa Dakilang Allah sa pagsamba; samakatuwid, ang mga tunay na Muslim ay nagtatakwil sa pagsamba sa anumang pisikal na bagay maging ito man ay ang Ka'bah. Ang Ka'bah ay hindi sagisag ng pagsamba. Ang Ka'bah ay direksiyon lamang sa oras ng pagsasakatuparan ng ibang uri ng pagsamba tulad ng pagdalangin at pagdarasal. Kaya, sa paliwanag ng isang iskolar ng Islam, ito ay kanyang sinabi: **"Masira man ang Ka'bah, mananatili pa ring nakaharap sa gayong Qiblah (direksiyon ng pagsamba) ang lahat ng pamayanang Muslim."**

Ang kahalagahan nito ay nasa mga pangyayari na naganap noong panahon ni Ibrahim at ng kanyang pamilya,at ang mga aral na ating natutunan mula sa mga pook na ito at higit sa lahat ay nasa landas ng patnubay na sumasagisag sa mga ritwal nito; ang landas na nagbibigay laya sa tao upang paunlarin ang kanyang ispiritwal na buhay na maghahatid sa landas upang mapalapit sa pagmamahal at habag ng Dakilang Allah.

Ang Banal na Qur'an ay nagtuturo sa atin tungkol sa Ka'bah, na ito ay:

**{Katotohanan, ang unang bahay (dalanginan) na itinalaga para sa sangkatauhan ay ang nasa Bakkah (Makkah), na tigib ng pagpapala at isang patnubay para sa lahat ng mga nilikha. Dito (ay matatagpuan) ang mga malilinaw na Ayat (palatandaan-kabilang rito) ang kinatayuan**[1] **ni Ibrahim. At sinumang humayong**

---

1 Sinabi ng Dakilang Allah na ang Ka'bah ang unang bahay-dalanginan na itinalaga sa lahat ng sangkatauhan sa kanilang pagsagawa ng pagsamba at mga ritwal. Lumalakad sila sa palibot ng Ka'bah (sa Tawaf), nananalangin sa paligid nito at nanatili dito sa kanilang I'tikaf. Sa pag-uutos ng Allah, ang Ka'bah ay itinayo sa **Bakkah** (Makkah*)* ni Ibrahim, na ang relihiyon ay inaangking sinusunod ng mga Hudyo at Kristiyano. Subali't hindi sila nagsasagawa ng Hajj bagaman nagbigay ng anyaya si Ibrahim sa tao ng pumarito upang gampanan ang Hajj. Isa sa pangalan ng Makkah ay Bakkah, na nangangahulugan ng 'nagdadala ng Buka' (pagtangis) sa mga pinunong mapaniil at palalo, nagiging mapagkumbaba kapag napunta rito. Gayundin, nangangahulugan na ang mga tao ay nagsisigawa ng Buka (pagpupulong) sa tabi nito. Ito ay tinatawag ding Al-Bayt Al-Atiq (ang Lumang Bahay), Al-Bayt Al-Haram (Ang Sagradong Bahay), Al-Balad Al-Amin (ang Lungsod ng Kaligtasan) at Al-Ma'mun (Katiwasayan).

**pumasok dito ay kanyang makakamtan ang kaligtasan. At ang Hajj sa bahay-dalanginan (Ka'bah) ay isang tungkulin (na dapat gampanan) ng sangkatauhan sa Allah, yaong may kakayahang gumugol (ng kanilang paglalakbay). At sinuman ang magtakwil (tungkol dito), samakatuwid, ang Allah ay walang pangangailangan ng anuman sa sinuman sa Kanyang mga nilikha (sangkatauhan, Jinn at lahat ng nilikha)}. (Qur'an 3:96-97)**

## Qiblah - Ang Diwa ng Pagkakaisa

Sa diwa ng pagkakaisa, tulad ng isang katawan, ang lahat ng Muslim sa buong mundo ay nagpapatirapa sa pagpuri, pagdakila, pagpapakumbaba at pagpapasalamat sa Dakilang Maykapal. Ang pinag-isang galaw nila ay tila isang malaking alon na nagpapahiwatig ng ganap na pagsuko sa Kalooban ng Allah. Buong pusong ibinabaling ng mga Muslim ang kanilang mga sarili sa Allah sa direksiyon na Kanyang ipinag-utos na isakatuparan. Sa wikang Arabik, ang direksiyon na kung saan inihaharap ng mga Muslim ang kanilang mga sarili sa oras ng pagdarasal, pagdalangin, at pagsusumamo ay tinatawag na Qiblah. At ang Qiblah (o direksiyon ng pagsamba) ay ang pook na kinaroroonan ng Ka'bah sa lungsod ng Makkah.

Bawa't Muslim ay nakababatid na ang Ka'bah ay gawa lamang sa bato. Hindi nila ito sinasamba. Hindi ito imahen ng Diyos o larawan ng Diyos at kailanman ay hindi inaakala

na ito ay may taglay na kapangyarihan o kabanalan. Sapat na sabihin na ito ay isang pook ng pagtitipon upang sambahin ang Tanging Nag-iisang Diyos, ang Allah.

Bago pa man dumating ang Islam, ang mga tagasunod ng mga naunang Propeta tulad ng mga Hudyo ay humaharap sa gawing kinaroroonan ng Al Quds sa Herusalem bilang kanilang Qiblah (direksiyon sa pagdarasal). Subali't nang dumating si Propeta Muhammad (ﷺ), bilang Huling Sugo sa sangkatauhan, ang Qiblah ay inilipat sa dakong kinaroroonan ng Ka'bah batay sa kautusan ng Allah. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanan! Aming natanaw ang pagbaling ng iyong mukha sa dakong kalangitan (O Muhammad). Tunay na ikaw ay Aming ibabaling sa isang Qiblah (dakong pook ng pagharap sa Salah (pagdarasal)) na magbibigay kasiyahan sa iyo, kaya't iyong ibaling ang iyong mukha sa dakong kinaroroonan ng Al-Masjid Al-Haram (sa Makkah). At kahit saan man kayo naroroon, humarap sa dakong ito (sa pagdarasal)}. (Qur'an 2:144)**

Ang mga Muslim ay nagdarasal nang sama-sama sa Masjid (Moske). Kung hindi ipinag-utos ng Allah sa mga Muslim ang pagharap sa direksiyon ng Ka'bah, katiyakan na sila ay magkakaroon ng di-pagkakaunawaan tuwing magsasagawa ng pagdarasal tungkol sa tamang direksiyon ng pagdarasal. Maaaring ang iba ay magmungkahi na humarap sa silangan,

o sa kanluran. Ito ay magdudulot ng patuloy na hidwaan. Kaya, upang pag-isahin ang mga Muslim, sa oras ng pagsamba, ang Allah ay nag-utos na humarap tungo sa direksiyon ng Ka'bah habang nagdarasal.

Bago pa dumating ang Islam, ang mga mamamayan ng Makkah ay mayroong higit sa tatlong daang imahen, at iba't ibang rebulto na pinagtutuunan nila ng pagsamba subalit kailanman, hindi nila sinamba ang Ka'bah o maging ang Batong Itim na nasa Ka'bah.

Ang pangunahing prinsipyo ng Islam ay ang Tawheed (pagsamba sa Kaisahan ng Allah) at ang diwa ng Tawheed ay ang pagkilala sa Allah bilang Tanging Nag-iisang Diyos na dapat sambahin.

Tulad ng sinabi ni Umar ibn Al-Khattab tungkol sa Batong Itim:

**"Aking nababatid na ikaw ay isa lamang bato at ikaw ay hindi makapagbibigay pinsala o pakinabang. Kung hindi ko lamang nakita ang Sugo ng Allah (ﷺ) na ikaw ay hinahalikan, hindi ko magagawang ikaw ay halikan."**[1]

Ang pagkawala ng Batong Itim o ang pagsira sa Ka'bah ay hindi kawalang saysay ng pagsamba ng mga Muslim. Ang kahalagahan ng Salah, Hajj, Umrah, ay hindi nakasalalay sa Ka'bah o sa Batong Itim na naroroon, sapagka't hindi

---

1 Al-Bukhari Hadith Bilang (1597) at Muslim Hadith Bilang (1270)

ito haligi ng Islam. Ang diwa ng pagsamba sa Islam ay batay sa prinsipiyo ng Tawheed (pagkilala at pagbubukod-tangi sa pagsamba sa Nag-iisang Diyos - ang Allah) at pagsasakatuparan ng lahat ng mga tungkulin na Kanyang ipinag-uutos para sa sangkatauhan.

## I. Ang Pagtayo ng Ka'bah

Ayon sa kasaysayan, ang Ka'bah ay unang itinayo ng mga anghel; nang magtagal, ito ay muling itinayo ni Adam. Sa ikatlong pagkakataon, ito ay itinayo ni Propeta Ibrahim at ng kanyang anak na si Propeta Ismail. Ang ikaapat ay noong tangkaing sirain, subali't hindi nagtagumpay sa hangaring ito. Ang pangyayari ay naganap sa panahon ng Jahiliyah[1] (panahon bago dumating ang Islam) at ikalima

1 Ang kasaysayan ng Hukbo ng mga Elepante ay nangyari sa taon ng pagsilang ng Propeta Muhammad (ﷺ). Si Abrahah Al Ashram ay gobernador ng Yemen na nasa ilalim ng kapangyarihan ng Hari ng Ethiopia (ang Yemen ay bahagi ng Kaharian ng Ethiopia noon). Siya (Abrahah) ay nagbalak na magtayo ng Tahanan sa Sana'a ang kabisera ng Yemen (tulad ng Ka'bah sa Makkah) upang anyayahan ang mga arabo na magsagawa ng Hajj sa Sana'a kaysa sa Ka'bah (Al Bayt- Al-Haram) sa Makkah na may layuning ibahin ang pagpapalitan ng kalakalan patungong Yemen. Iminungkahi niya ito sa hari ng Ethiopia na sumang-ayon naman sa kanyang balak. Kaya ang tahanan (dambana) ay itinayo at pinangalanang Al-Quillais; walang gayong dambana na katulad niyaon noon. Minsan, may isang tao mula sa angkan ng Quraish na nagtungo roon at siya ay nagalit sa kanyang nakita kaya sa kanyang galit siya ay umihi at dumumi sa mismong dambanang ito. Nang makita ito ni Abrahah, hindi niya mapigilan ang kanyang galit at nagtawag siya ng mga kawal upang lupigin ang Makkah at wasakin ng tuluyan ang Ka'bah. Sa kanyang kawal, sila ay mayroong labing tatlong elepante at kabilang na rito ang pinakamalaking elepante na kung tawagin ay Mahmud. Kaya, sila ay nagpatuloy patungo sa Makkah. Walang sinumang humarang na hindi pinapatay. Nang nakarating sila sa karatig pook ng Makkah, sila ay nagkaroon ng kasunduan sa pagitan ni

ay nang ito ay itinayo ni Ibn Az-Zubair sa panahon ng Islam.

## II. Paano Itinayo Nina Ibrahim at Ismail Ang Ka'bah?

Nang si Ismail ay ipinanganak ni Hajar, naging labis na mapanibugho ang isa pang asawa ni ibrahim na si Sarah, kaya hiniling nito na ilayo sa kanya si Hajar. Ang Dakilang Allah ay nagpahayag kay Ibrahim na nararapat niyang dalhin ang kanyang mag-inang Hajar at Ismail sa Makkah, at sa gayon ngang dahilan, sila ay naglakbay patungo roon.

Batay sa pag-ulat ni Al-Bukhari, isinalaysay ni Ibn Abbas mula kay Propeta Muhammad (ﷺ), ang kasaysayan ng pagtungo ni Propeta Ibrahim, kasama ang kanyang asawang si Hajar at ang kanilang anak na si Ismail sa lupain ng Makkah.

---

Abrahah Al-Ashram at ang pinuno ng Quraish (Abdul Muttalib ibn Hashim), ang lolo ni Propeta Muhammad (ﷺ). Napagkasunduan na lahat ng kamelyo ni Abdul Muttalib ay ibabalik ni Abrahah at pagkatapos, magpapasiya si Abrahah kung ano ang gagawin niya tungkol sa Ka'bah. Inutusan ni Abdul Muttalib ang taong bayan na lumikas patungo sa bundok na kasama ang kani-kanilang mga pamilya kung sakaling ang mga mananakop ay maminsala sa kanila. Kaya, ang mga kawal ni Abrahah ay nagtungo hanggang makarating sila sa Lambak ng Muhassir. Habang ang mga kawal ay papalapit na sa Makkah, bigla silang sinalubong ng mga kawan ng mga ibon na may dala-dalang mga batong matitigas. Bawa't batong tumatama sa katawan ng mga kawal ni Abrahah ay nakamamatay kaya sila ay napuksang lahat. Tumakas si Abrahah habang ang laman ng kanyang katawan ay pumuputok dahil sa paghagis ng bato ng mga ibon. Siya ay namatay habang patungo pabalik sa Yemen. Ito ang isang tagumpay na ipinagkaloob ng Allah sa mamamayan ng Makkah at ito ang pangangalagang ginawa Niya para sa Kanyang Banal na Tahanan sa Makkah. Tafsir Ibn Kathir pahina 851. vol 10.

Nang sila ay makarating, kanilang natagpuan na ito ay isang bayang salat sa kasaganaan ng tubig. Pagkaraan nito, iniwan ni Ibrahim ang kanyang mag-ina na may isang lalagyan ng tubig at bungang datiles. Nang si Ibrahim ay magsimulang lumisan, sinundan siya ni Hajar na nagtatanong, "O Ibrahim kanino mo kami iiwanan dito sa tigang na lambak na walang naninirahang tao?" Paulit-ulit niyang tinatanong nguni't si Ibrahim ay hindi sumasagot. Siya ay muling nagtanong, "Ikaw ba ay pinag-utusan ng Allah na gawin ito?" Siya (si Ibrahim ay sumagot) "Oo". Siya ay nagsabi: "Kung gayon, ako ay nakatitiyak na hindi kami pababayaan ng Allah." Kaya si Ibrahim ay lumisan at sa di-kalayuang kinatatayuan, siya ay humarap sa gawing kinaroroonan ng Makkah at itinaas ang dalawang kamay at nanalangin na:

**{(O) aming Panginoon! Aking ginawang manahan ang ilan sa aking angkan sa isang tigang na lambak sa pamamagitan ng Iyong sagradong tahanan (Ka'bah) upang sila (O) aming Panginoon, ay magsagawa ng Salah. Kaya, punuin ang mga puso ng mga tao ng pagmamahal sa kapwa tao, at (O Allah) tustusan Mo sila ng mga prutas upang sila ay sakaling (matutong) magpasalamat}. (Qur'an 14:37)**

## Ang Zamzam - Ang Pinagpalang Tubig

Minsan, habang si Hajar at ang anak niyang si Ismail ay naglalakad sa pagitan ng bulubundukin ng As-Safa at

Al-Marwa, si Ismail ay nakaranas ng masidhing pagka-uhaw. Bilang isang mapagmahal na ina, si Hajar ay nagkaroon ng malaking pangamba na ang kanyang anak ay mamatay nang dahil sa matinding uhaw at init ng araw. Sa gayong pagkakataon, pabalik-balik siyang naglalakad nang pitong ulit[1] sa pagitan ng As-Safa at Al-Marwa, at nagbabakasaling mayroon siyang matagpuang tubig. Ang kanyang kalooban ay tigib ng pighati at panlulumo. Saan nga kaya siya makakatagpo ng tubig para sa kanyang anak? Walang anu-ano, mayroon siyang narinig na isang tinig mula sa bulubundukin ng Marwah. Nanatili siyang tahimik na nakikiramdam. Muli niyang narinig ang tinig, at sinabi niya: "O, sino ka man! Nagawa kong marinig ang iyong tinig; ikaw ba ay mayroong maitutulong sa akin?" Pagkaraan, mayroon siyang nakitang isang anghel sa pook ng Zamzam, kinakahig nito ng kanyang mga paa (o pakpak) ang lupa hanggang ang tubig ay bumalong at umagos nang masagana. Ang Anghel ay nagsabi: "Huwag kang mangamba na ikaw ay pababayaan sapagka't ito ay Banal na Tahanan ng Allah na itatayo ng batang ito (si Ismail) at ng kanyang ama (si Ibrahim), at hindi pinababayaan ng Allah ang Kanyang alipin." Ang Anghel na nagpakita sa kanya ay walang iba kundi ang Anghel Jibreel.

---

1 Si ibn Abbas ay nag-ulat na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ito ang dahilan kung bakit ang mga tao ay lumalakad sa pagitan ng dalawang bulubundukin (ng Safa at Marwah sa panahon ng Hajj at Umrah bilang mahalagang ritwal).

Sa Al-Musnad, isinalaysay mula kay ibn Abbas na sinabi ni Ubay ibn Kaab na: "Nang kinahig ni Jibreel (Gabriel)[1] ang **Zamzam** sa kanyang paa, ang ina ni Ismail ay nagsimulang magsalok mula sa lupang nakagilid dito. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsalaysay na:

**"Nawa'y kahabagan ng Allah ang ina ni Ismail! Kung ang Zamzam ay hinayaan lamang nang gayon (na hindi pinigil ang pag-agos nito), ang Zamzam ay magiging isang lawa sa balat ng lupa."**[2]

Maraming tao mula sa tribu ng Jurhum na nagdaraan sa Kuda sa gawing ilalim ng bahagi ng Makkah. Sila ay nakakita ng mga ibon na nagliliparan at sila ay namangha at nagsabi na: **"Ang mga ibon ay matatagpuan lamang sa pook na may tubig. Hindi namin nalalaman na itong lambak na ito (ang Makkah) ay may tubig."** Hinanap ito at kanilang natagpuan at nagsibalik upang ipaalam sa kanilang mamamayan ang tungkol dito. Sila ay nagsitungo sa ina ni Ismail at nagsabi: **"O Ina ni Ismail, maaari mo ba kaming pahintulutang manirahan dito na kasama mo?"** Siya (si Hajar) ay nagsabi: **"Oo, nguni't, kayo**

1 Karagdagang puna mula sa nagsalin: "Kung inyong mapapansin, kapag ang Anghel Jibreel ay nasa anyo ng isang Anghel, ang ginagamit kong pantukoy ay "ang Anghel Jibreel", at kung sa pagkakataong siya ay nasa anyo ng isang tao, ang ginagamit kong pantukoy ay pantao, kaya "Si Jibreel". Ito ay tinangka kong gawin upang bigyan ng pagkakaiba, ang pagiging anghel at pagiging anyong tao ng isang Anghel.

2 Musnad Ahmad, vol 5 Hadith Bilang (121).

**ay walang ganap na karapatan sa tubig nito."** Sila ay nagkasundo.

Si Ibn Abbas ay nag-ulat na sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ), **"At sa panahon na iyon, nais ng ina ni Ismail na magkaroon ng mga kasamang mga tao."** Nang malaunan, ang kanyang anak na lalaking si Ismail ay umabot na sa wastong gulang at pinakasalan ang isang dalaga mula sa tribu ng Jurhum; siya ay natutong magsalita ng wikang Arabik mula sa kanila. Sa panahong ito, ang kanyang inang si Hajar ay yumao na.

Si Ibrahim ay muling nagbalik sa Makkah upang dumalaw sa kanila at natagpuan niya si Ismail sa tabi ng Zamzam. Nang makita niya si Ibrahim, siya ay tumayo at sila ay nagbatian. Si Ibrahim ay nagsabi: **"O Ismail, ang iyong Panginoon ay nag-utos sa aking gawin ang isang bagay."** Siya ay sumagot: **"Sundin mo ang pinag-uutos ng iyong Panginoon.Maaari mo ba akong tulungan?"** Si Ismail ay sumagot, **"Oo, ikaw ay aking tutulungan."** Si Ibrahim ay sumagot, "**Ako ay inutusan ng Allah na magtayo ng isang tahanan (ng pagsamba) para sa Kanya rito"**, at itinuro niya ang bahagi ng pook na kanyang pagtatayuan. Sila ay kapwa nananalangin habang patuloy na ginawa ito:

Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag tungkol dito:

**{At (alalahanin) nang si Ibrahim at (ang kanyang anak na si) Ismail ay itinayo ang mga haligi ng (Banal na)**

**Tahanan (ang Ka'bah sa Makkah) (at nagsabing): (O) Aming Rabb (Panginoon)! Tanggapin (Mo) mula sa amin (ang paglilingkod na ito) Katotohanan! Ikaw ang Lubos na Nakaririnig, ang Lubos na Maalam}. (Qur'an 2:127)**

## Ang Pagkawala ng Balon ng Zamzam

Lumipas ang mahabang panahon, ang balon ng Zamzam ay nawala. Ayon sa tamang kasaysayan nito, nang sakupin ng ibang tribu ang Makkah, ibinaon ito ng mga tribu ng Jurhum at pagkaraan ay lumisan mula sa Makkah.

## Ang Muling Paghukay sa Balon ng Zamzam

Ang Zamzam ay nanatiling nakabaon, na ang kinalalagyan nito ay hindi nababatid ninuman hanggang si Abdul Muttalib ang naging tagapangasiwa sa pagbibigay ng tubig sa mga pilgrim at tagapangalaga sa kanila. Minsan, sa kanyang panaginip, may isang tumatawag sa kanya at nag-uutos na: Hukayin ang Tibah. Siya ay nagtanong, "Ano ang Tibah? Nang sumunod na gabi, ang taong ito ay dumating sa kanya (sa panaginip) at nagsabi: "Hukayin ang Barrah." Siya ay nagtanong: "Ano ang Barrah(1)?" At sumunod na gabi, muling nagbalik ito (sa kanyang panaginip) at nagsabi: Hukayin ang Al-Madnunah(2)? Siya ay nagtanong: Ano ang Al-Madnunah? Pagkaraan, ito ang sinabi sa

1 Tinawag na **Barrah** sapagka't ito ay maraming kapakinabangan o kabutihan.

2 Tinawag na **Madnunah** na ang ibig sabihin "tanging laan"; ito ay nakalaan lamang para sa mga Muslim (mga tunay na naniniwala sa Allah).

kanya, "Hukayin ang Zamzam." Siya ay nagtanong: "Ano ang Zamzam? Siya ay sumagot: "Ito ay (isang balon) na hindi natutuyuan ng tubig at ito ay walang kapintasan; ito ay makatitighaw sa uhaw ng maraming pilgrim. Ito ay nagmumula sa pagitan ng labasan ng mga dumi at dugo, na kung saan ang manok na tandang na may puting pakpak ay tumutuka. Ito ay isang karangalan para sa iyo at sa iyong mga lahi" Ang manok na tandang na may puting pakpak ay laging naroon sa pook na pinagkakatayan ng mga hayop, isang pook ng mga bituka at dugo. Kaya, nang sumunod na araw, kumuha ng pala at sinama ang kanyang anak na lalaking si Harith. Tatlong araw ang ginawa niyang paghuhukay hanggang matagpuan nito ang balon, siya ay nagsabi: "Allaahu Akbar" Ito ang balon ni Ismail."

Ang isang Quraish ay nagsabi sa kanya, "Bahaginan mo kami nito." Siya ay nagsabi: "Hindi ko magagawa iyon; ito ay isang bagay na ipinagkaloob sa akin lamang. Kaya, kumuha kayo ng hukom upang maghusga sa pagitan natin." Kinuha nila ang mga manghuhula ng Tribu ng Sa'd. Sila ay humayong magtungo sa kanila, at sila ay nangauhaw sa daan na inakala nilang sila ay mamamatay.

Si Abdul Muttalib ay nagsabi: "Sumpa man sa Allah, ang walang paggawa ay tanda ng kawalang tulong. Bakit hindi tayo magsilakbay sa lupain, baka sakaling ipagkaloob sa atin ng Allah ang tubig." Kaya, sila ay nagsipaglakbay at si Abdul Muttalib ay sumakay sa kanyang hayop at nang

ito ay magsimulang lumakad, isang bukal ng matamis na tubig ay umagos sa kanyang paanan. Si Abdul Muttalib ay nagsabi: “Allaahu Akbar” Ang kanyang mga kasamahan ay nagsiinom din ng tubig. Sila ay nagsabi: “Ang isang nagbigay ng tubig ang siyang nagbigay ng paghusga laban sa amin. Sumpa man sa Allah, hindi kami makikipagtalo sa iyo tungkol dito.” Sila ay nagsibalik at itinigil ang pakikipagtalo kay Abdul Muttalib tungkol sa Zamzam.

## Ang Mga Pangalan ng Zamzam

Ang Zamzam ay maraming katawagan o pangalan, at ang maraming bilang ng pangalan nito ay nagsasaad ng dakilang kalagayan nito. Ito ay tinawag na Zamzam sapagka't ang tubig nito ay masagana, na ang katagang Zamzamah sa wikang Arabik ay nagpapahiwatig ng dami o kasaganaan at sama-samang dumarating. Sinasabi rin na ito ay tinawag na Zamzam, sapagka't tinipon (Zummat) ni Hajar ang buhangin na nakapaligid dito upang ang tubig nito ay hindi umagos ng kaliwa't kanan; kung ito ay kanyang iniwan lamang, ito ay aagos hanggang matakpan ang lahat ng bagay. Ang ibang pangalan ng Zamzam ay Al-Shabba'ah, Barrah, Tibah, Bushra, Awnah, Safiyah, Sharab, Al-Abrar, Madnunah at marami pang iba.

## Mga Hadith Tungkol sa Tubig Zamzam at Ang Mga Katangian Nito

Maraming Hadith ang nauukol sa Zamzam at ang mga katangian at kabutihang makukuha sa pag-inom nito.

Si Abu Dhar Al-Gifari ay nagsalaysay na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang bubungan ng aking bahay ay nakabukas nang ako ay nasa Makkah, at si Anghel Jibreel (Gabriel) ay bumaba at kanyang binuksan ang aking dibdib, pagkaraan, ay kanyang hinugasan ito ng tubig ng Zamzam. At pagkatapos, siya ay nagdala ng malaking gintong sisidlan na tigib ng karunungan at pananalig (Iman), at ibinuhos ito sa aking dibdib, at muling isinara ito. At pagkatapos ay hinawakan ako sa kamay at itinaas sa kalangitan."**(1)

Bukod sa kakayahan nito na magbigay na kasiya-siyang inumin, maraming kabutihan ang idinudulot nito. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi na ito ay lunas sa mga sakit at karamdaman. Kaya, ang mga nagsasagawa ng Hajj o Umrah mula sa malalayong pook ay nagdadala nito at iniuuwi sa sariling bayan upang ipanggamot sa mga may sakit.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang pinakamainam na tubig sa balat ng lupa ay ang tubig ng Zamzam, Ito ay isang kompletong pagkain at isang lunas para sa mga maysakit. Ang pinakamasamang tubig sa balat ng lupa ay ang tubig ng Wadi Barahut sa Hadramout. Sa lupa nito ay may mga kulisap na katulad ng mga paa ng tipaklong. Ito ay umaagos sa umaga at natutuyot sa gabi."**(2)

---

1 Al-Bukhari Hadith Bilang (3342).

2 At-Tabarani, Al Kabir (11167). Sinasabi sa Al Mama' na ang Isnad (kawing ng tagapagsalaysay) nito ay Thiqah (mapagkakatiwalaan).

Ang isa pang Hadith na isinalaysay ni Anas:

**"Si Anghel Jibreel (Gabriel) ay dumating sa Sugo ng Allah (ﷺ) nang siya ay naglalarong kasama ang ibang batang lalaki. Hinawakan siya ni Anghel Jibreel at nakipagbuno sa kanya sa lupa, pagkaraan ay kinuha niya ang puso nito, kanyang biniyak ito at inalis ang namuong dugo nito. Siya ang Anghel Jibreel ay nagsabi: "Ito ang bahagi ng Satanas na (nasa) iyong (katawan)." Pagkaraan, ito ay kanyang hinugasan ng tubig Zamzam, muling ibinalik at inilagay sa tamang kalagayan. Ang mga kalarong mga bata ay nagmamadaling nagtungo sa kanyang ina (o sa kanyang ina-inahan) at nagsabi: Si Muhammad ay pinatay!" Kaya, sila ay nagsilabas at siya ay natagpuang tila namumutla. Si Anas ay nagpatuloy sa pagsasalaysay: "Lagi kong nakikita ang mga bakas ng tahi sa dibdib ng Propeta (Muhammad)."**[1]

## Ang Zamzam ay Gamot

Napatunayan mula sa maraming Hadith na ang tubig ng Zamzam ay nakapagpapagaling ng mga sakit. Maging sa makabagong panahon, ito ay napatunayan na mula sa mga kasaysayan na kung saan ang medisina ay nabigo upang lunasan ang karamdaman ng isang tao. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang tubig ng Zamzam ay para sa anumang layunin ng**

---

1 Ahmad Hadith Bilang 3/288 at An-Nasai Hadith Bilang 1/224.

**pag-inom nito."[1] Kaya, sinumang uminom nito para sa layunin ng paghanap ng lunas sa sakit, siya ay gagaling mula sa karamdaman niya sa kapahintulutan at habag ng Allah. Si Ibn Abbas ay nagsabi: "Katotohanang Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Ang lagnat ay init mula sa Impiyerno, kaya palamigin ito sa pamamagitan ng tubig Zamzam."[2]**

Si Ibn al-Qayyim (nawa'y kahabagan siya ng Allah) ay nagsabi: **"Ako at ang iba ay nagtangkang hanapin ang lunas ng sakit sa pamamagitan ng tubig Zamzam at nakita ang mga kagila-gilalas na bagay. Hinanap ko ang lunas ng ilang bilang na sakit sa pamamagitan nito (ng Zamzam) at ako ay gumaling sa kapahintulutan ng Allah. At akin ding nakita ang isang tao na umiinom nito ng ilang araw, kalahating buwan o higit pa, at hindi siya nakadarama ng gutom, wala siyang kinakain maliban sa (pag-inom ng) tubig Zamzam ng apatnapung araw at siya ay may lakas para makipagtalik sa kanyang asawa, may kakayahang mag-ayuno at magsagawa ng Tawaf nang ilang ulit."[3]**

Si Shaikh Salih Al-Uthaimin (nawa'y kahabagan siya

---

1 Ibn Majah Hadith Bilang (3062).

2 Ahmad Hadith Bilang (1/291); ang Isnad (kawing ng tagapagsalaysay nito ay Sahih (mapananaligan ayon sa kalagayan ng dalawang Shaikh (sina Al-Bukhari at Muslim)

3 Zaad Al-Ma'ad, 4/319, 320.

ng Allah) ay nagsabi: **"Kaya, ikaw ay nararapat na magkaroon ng layunin (Niyyah) upang matamo mo ang anumang nais mong matamo sa pamamagitan ng pag-inom ng tubig na ito. Siya ay nararapat na uminom ng puno (punuin ang tiyan nito) sapagka't ang tubig na ito ay mabuti."**

Ang isang Hadith ay isinalaysay tungkol dito: **"Ang kaibahan sa pagitan ng tunay na naniniwala at mapagkunwari ay ang pag-inom ng maraming tubig Zamzam."**[1]

## III. Maqam Ibrahim - Ang Kinatayuan ni Ibrahim

Kaya, kanilang itinayo ang haligi nito, at nagsimulang maghakot ng mga bato si Ismail habang si Ibrahim naman ay nagsimulang gawin ito. Kumuha ng isang bato si Ibrahim at ito ay ginawa niyang tapakan o tungtungan habang iniaabot naman ni Ismail ang ibang bato para tumaas ang kayarian ng Ka'bah. Ang bato na kinatayuan ni Propeta Ibrahim ay tinawag sa wikang Arabik na Maqam. At dahil itinuturing na pinakamamahal ng Allah ang ginawa ni Propeta Ibrahim, itinulot Niya na ang bakas ng paa ni Propeta Ibrahim ay manatili bilang isang paalaala para sa mga naniniwala (mga Muslim) mula sa kanyang mamamayan at iba pa. Iniulat ayon sa pagsasalaysay mula kay Sa'ed ibn Jubair na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

1 Isinalaysay ni Ibn Majah sa Al-Manasik, Hadith Bilang 1017; Al-Hakim, Hadith Bilang (1/472).

**"Ang bato ay ang himpilan (o kinatayuang tungtungan) ni Ibrahim. Ito ay ginawang malambot ng Allah (kaya ang bakas ng kanyang paa ay nanatiling nakabakat) at ginawa ito bilang habag. Si Ibrahim ay tumatapak dito habang iniaabot naman paitaas ni Ismail ang mga bato sa kanya."[1]**

Si Anas ay nagsalaysay na si Umar Ibn Al-Khattab ay nagsabi: "Ang aking kapasiyahan ay pinatatatag ng aking Panginoon, (ang Allah) sa tatlong pagkakataon. Ako ay nagsabi, "O Sugo ng Allah (ﷺ), bakit hindi natin kuhanin ang kinatayuan ni Ibrahim bilang isang pook ng pagdarasal?" Pagkaraan nito, ang Ayat (talata ng Qur'an) ay ipinahayag:

**{… at gawin ninyong bahay-dasalan ang Maqam Ibrahim (bakas ng yapak ni Ibrahim) at Aming ipinag-utos kay Ibrahim at Ismail na gawing malinis (at wagas) ang Aking Tahanan (ang Ka'bah sa Makkah) para sa mga nagsisiikot dito o nananatili (I'tikaf), yumuyuko at nagpapatirapa ng kanilang mga sarili (sa pagdarasal)…}. (Qur'an 2:125)**

Sa panahon ni Ibrahim, ang Maqam ay nakadikit sa Ka'bah hanggang ito ay iniusog nang bahagya ni Umar Ibn Al-Khattab. Ayon sa salaysay ni Aishah:

---

1 Hinango mula sa Aklat na "Muthir Al Gharam pahina bilang 312.

"Noong panahon ng Sugo ng Allah (ﷺ) at ni Abu Bakr, ang Maqam ay nakadikit sa Ka'bah, pagkaraan, ay iniusog ni Umar."

Napag-isip ni Umar na magiging masikip para sa pagsasagawa ng Tawaf at pagdarasal, kaya ito ay iniusog niya upang maging magaan ito sa mga tao. Siya ay pinatnubayan sa pasiyang ito sapagka't siya ang nagmungkahi na ito ay isaalang-alang bilang pook ng pagdarasal[1].

## IV. Ang Hijr

Ang Hijr ay isang pook na kung saan ay iniwan ni Propeta Ibrahim ang kanyang mag-inang Hajar at Ismail nang sila ay dalhin niya sa Makkah.

Maraming Hadith ang nagpapahiwatig na ang Hijr ay bahagi ng Ka'bah. Batay dito, ang Tawaf (pag-ikot sa palibot ng Ka'bah) ay hindi magiging kompleto malibang ang bahagi ng Hijr ay isaalang-alang sa paglalakad sa palibot ng Ka'bah. Iniulat ni Abdul Hamid Ibn Jubair mula sa kanyang tiyahin sa ama na si Safiyah bint Shaibah na isinalaysay ni Aishah sa kanila na kanyang tinanong ang Sugo ng Allah (ﷺ) na:

**"O, Sugo ng Allah (ﷺ), maaari ba akong pumasok sa loob ng tahanan (Ka'bah)? Siya ay sumagot: "Ikaw**

---

1 Fath Al-Bari, puna sa Hadith Bilang (44483).

**ay pumasok sa Al-Hijr, sapagka't ito ay bahagi ng tahanan."**[1]

at ito ay kabilang din sa talatang ipinahayag ukol dito:

**{… at umikot sila (sa palibot ng) Lumang Tahanan (ang Ka'bah)…}. (Qur'an 22:29)**

## V. Ang Hajar Al-Aswad (Ang Batong Itim)

Nang itinatayo ni Ibrahim (Abraham) ang Ka'bah, ito ay nangangailangan ng isa pang bato. Nais humanap ni Ismail ng isa pa nguni't pinigilan siya ni Ibrahim at nagsabing: **"Tulungan mo akong humanap ng isang bato na sinabi ko sa iyong gawin mo."** Kaya, umalis si Ismail upang humanap ng isang bato at pagkabalik niya, nakita niya ang batong itim na nakalagay na sa kinaroroonan nito. Siya ay nagtanong sa kanyang ama: **"O, aking ama, sino ang nagdala sa iyo ng batong ito?"** Siya ay sumagot, **"Ito ay dinala sa akin ng Anghel Jibreel (Gabriel) mula sa kalangitan."**[2]

Iminumungkahi sa mga Muslim na hawakan o halikan ito kapag nagsasagawa ng Tawaf. Bilang kabutihan nito, sapat na malaman natin na ito ay hinawakan at hinalikan ng Sugo ng Allah(ﷺ).

---

1 An-Nasa'i Hadith Bilang (2912)

2 Ito ay bahagi ng Hadith na isinalaysay ni Ali sa Tafsir Ibn Kathir vol 1/258' Tafsir At-Tabari Bilang 143. Ito ay Mawquf (untraceable, discontinued) na may Isnad na huminto kay Ali, nguni't ito ay isinaalang-alang sa ilalim ng kapasiyahan (ruling) bilang Marfu' (traceable) na pag-uulat.

Iniulat ng dalawang Sahih, sina Al-Bukhari at Muslim, na hinawakan at hinalikan ito ni Umar Ibn Al-Khattab at nagsabi:

**"Aking nababatid na ikaw ay isang bato lamang at ikaw ay hindi makapagbibigay pinsala o pakinabang. Kung hindi ko lamang nakita ang Sugo ng Allah (ﷺ) na ikaw ay hinahalikan, hindi ko magagawang ikaw ay halikan."**[1]

Isinalaysay ni Ibn Abbas na sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

**"Ang Batong Itim ay ibinaba mula sa Paraiso at ito ay higit na maputi kaysa sa gatas, nguni't ito ay naging maitim sanhi ng mga kasalanan ng mga anak ni Adam."**[2]

Isinalaysay ni Ibn Abbas na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Sumpa man sa Allah, sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, ito ay bibigyang buhay na may dalawang mata na makakikita at dila na makapagsasalita at sasaksi hinggil sa mga humawak nito at kumilala sa kabutihan nito."**[3]

Si Al-Musafi Ibn Shaibah ay nagsabi na kanyang narinig si Abdullah Ibn Am'r Al-'As na nagsasabing:

---

1 Al-Bukhari Hadith Bilang (1597) at Muslim Hadith Bilang (1270).
2 At-Tirmidhi Hadith Bilang (877).
3 At-Tirmidhi Hadith Bilang (961).

**"Ang Allah ang aking Saksi"**, tatlong ulit, at inilagay niya ang kanyang mga daliri sa kanyang mga tainga, pagkaraan ay nagsalaysay na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi na:

**"Ang Batong Itim at ang Maqam (Ibrahim) ay dalawang mamahaling bato ng Paraiso. Inalis ng Allah ang mga liwanag ng mga ito, at kung hindi Niya pinatay ang kanilang liwanag, ang bawa't bagay ay magliliwanag sa pagitan ng Silangan at Kanluran."**[1]

## VI. Ang Multazam

Ang Multazam ay isang puwang sa pagitan ng **Ruk'n** (sulok) at pintuan ng Ka'bah. Iniulat na sinabi ni Mujahid:

**"Ang pook sa pagitan ng Ruk'n at ng pintuan (ng Ka'bah) ay ang Al-Multazam."**

Iniulat na sinabi ni Al-Azraqi:

**"Sinuman ang magsumamo sa Allah sa pook na ito (Al-Multazam) ay Kanyang tutugunin."**[2]

Ating matutunghayan na ang layunin ng pagkakatayo ng Ka'bah ay ang tanging pagsamba sa Allah lamang, na walang anupamang pagtatambal sa Kanya. Si Propeta Ibrahim ay gumugol ng kanyang buong buhay sa pagtakwil ng **Shirk** (pagbibigay katambal sa Allah), pagtakwil sa

1 Ahmad Hadith Bilang (2/214) at Ibn Khuzaimah Hadith Bilang (2732).

2 Ang Isnad (kawing ng pagsasalaysay) ay Hasan (mabuti at mapananaligan). Ito ay iniulat ni Al-Azraqi sa kanyang aklat na Tarikh Makkah (2/368)

mga maling paniniwala at kaugalian ng buong pamayanan at maging sa kanyang ama, na naglililok ng mga estatuwa o rebulto bilang kanilang mga diyos. Sa gitna ng pag-usig at pang-aabuso, itinuro niya ang mensahe ng Islam - pagtalima at pagsuko sa Isa at Tanging isang Diyos lamang, at kailanman ay hindi siya nakadama ng kapaguran sa pagpapaliwanag sa kahalagahan ng tunay na pagsamba sa Nag-iisang Diyos.

Ang Banal na Qur'an ay naglarawan kay Propeta Ibrahim bilang isang tunay na naniniwala sa Tanging Isang Diyos lamang:

**{Si Ibrahim ay hindi isang Hudyo o isang Kristiyano. Bagkus, siya ay isang Muslim na Hanifah (tapat na sumasamba sa nag-iisang Allah) at siya ay hindi kabilang sa mga Mushrikun[(1)]}. (Qur'an 3:67)**


---

1 **Mushrikun**. Sila ay kinabibilangan ng mga pagano, mga taong nang-iidolo, mga taong sumasamba sa mga diyus-diyusan tulad halimbawa ng pagsamba nila sa mga propeta, anghel, rebulto, santo at santa, estatuwa, o maging ang satanas at tinatawag ding **Mushrikun** ang mga taong walang paniniwala sa Kaisahan ng Allah.

# ANG KISWAH (TAKIP NG KA'BAH)

Ang kasaysayan ng Kiswah ay bahagi na rin ng kasaysayan ng Ka'bah. Ang pagtakip sa Ka'bah ay larawan ng pagiging dalisay, wagas, sagrado at karangalan na ipinakikita ng mga Muslim sa pagsasaalang-alang dito.

Sa panahon ng Jahiliyyah (kamangmangan), ang Ka'bah ay tinatakpan ng telang nagmumula sa Yemen. Bawat tribu ay itinuturing ito bilang tungkulin sa relihiyon. Sa panahon ng Sugo ng Allah (ﷺ), siya at ang kanyang mga kasamahan ay hindi nagtakip nito bago masakop ang Makkah. Napalitan lamang ito nang ang isang babae na nagnanais na lagyan ito ng insenso ay di-sinadyang masunog ito. Kaya tinakpan ito ng telang inangkat mula sa Yemen. Sina Abu Bakr, Umar at Uthman ay tinakpan ito ng Qibati (isang manipis na puting tela) mula sa Ehipto. Hanggang sa kasalukuyan, ang pagtatakip ng Ka'bah ay itinuring na bilang isang tungkulin.



# ANG HAJJ AY IPINAG-UTOS

Nang matapos ang Ka'bah, ang ritwal ng Hajj ay muling binigyang buhay at itinatag para sa sangkatauhan. Sinabi ng Dakilang Allah kay Ibrahim:

**{At ipahayag sa sangkatauhan ang Hajj. Sila ay magsisidating sa iyo ng mga nakayapak (paa) at nakasakay sa bawa't kamelyo, (at) sila ay magsisidating mula sa mga matatarik at malalayong (malalawak) na daan ng kabundukan (upang isagawa ang Hajj)}. (Qur'an 22:27)**

Sa **Ayah** (talata) na ito, ipinaliliwanag ang pagsasagawa ng ritwal ng Hajj. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Ganoon iyon, at sinumang iginalang ang mga banal na bagay ng Allah, samakatuwid, ito ay makabubuti para sa kanya sa kanyang Panginoon. Ang mga hayupan ay pinahihintulot sa inyo maliban sa mga babanggitin sa inyo (na mga ipiangbabawal). Kaya, iwaksi ninyo ang karumal-dumal (na pagsamba) sa mga idolo, at iwasan ang pagsisinungaling (pagsaksi ng walang katotohanan). Hunafa' Lillah (pagsamba sa tanging Allah lamang) na walang pagtatambal ng anupaman**

**(sa pagsamba) sa Kanya; at sinuman ang nagbigay katambal sa Allah, ito ay wari bang siya ay nahulog mula sa langit, at siya ay inagaw ng mga ibon o siya ay itinapon ng hangin sa malayong pook}. (Qur'an 22:30-31)**

Sa pagsasakatuparan ng Hajj, ating dinakila ang Allah at pinatunayan ang prinsipyo ng Tawheed (Paniniwala sa Kaisahan ng Allah). Sa pagpasok sa kalagayan ng Ihram, ang mga tao ay sabay-sabay na bumibigkas ng iisang kataga. Ito ay ang:

"Labbaika allaahumma labbaik. Labbaika laa Shareeka laka. Labbaik, Innal Hamda wan ni'mata laka wal mulk, Laa shareeka lak."

(Narito ako, upang maglingkod sa Iyo (O, Allah) aking Panginoon, narito ako." Narito ako. Ikaw ay walang katambal. Narito ako. Katotohanan ang lahat ng papuri at pagpapala ay para lamang sa Iyo (O, Allah). At sa Iyo ang lahat ng Kapamahalaan. At Ikaw ay walang katambal (sa pagsamba)."[1]

Sa maraming Ayat (talata) ng Qur'an, tinawag ng Allah ang Ka'bah bilang Kanyang Bahay. Katotohanan, ating dinadalaw ang bahay na ito bilang katugunan sa Kanyang anyaya.

Pinangunahan ni Propeta Ibrahim at inilarawan at

1 Ayon sa pag-ulat ni Al-Bukhari.

isinakatuparan naman ng Huling Propeta Muhammad (ﷺ), ang Hajj sa Makkah ay isang natatangi o kakaibang karanasan sa bawa't tunay na Muslim. Sapagka't ang "Muslim" ay isang tao na tumalikod mula sa pagsamba sa mga huwad na diyos tungo sa pagsamba sa Nag-iisang tunay na Diyos, mula sa huwad na relihiyon tungo sa tunay na relihiyon. Ang katangiang ito ang nagbigay kay Ibrahim upang siya ay maging ganap na Muslim nang siya ay pumasok sa simbahan sa bayan ng Babylonia at pinagbabasag ang mga rebulto o estatuwa na nakalagay sa simbahan. Ipinagkatiwala ng Allah sa kanya ang pagtayo ng Kanyang Bahay sa Makkah, at ipinag-utos sa kanya na ipag-anyaya ang Hajj dito. Kaya, ang Hajj sa Bahay ng Allah ay naging katangian ng pagiging isang tunay na Muslim. Ito ay isang pook ng ganap na kalayaan, at isang santuwaryo ng ganap na kapayapaan at katiwasayan, itong Banal na Masjid ay tanging pook sa balat ng lupa na itinakda ng Dakilang Allah para sa sangkatauhan na walang anumang diskriminasyon. Ito ang Bahay ng Diyos (Allah) na kung saan ang lahat ay pantay-pantay, na walang sinuman ang may natatanging karapatan upang angkinin ito. Ito ay isinalaysay batay sa Salita ng Allah:

**{… At sa (pagtungo sa) Al-Masjid-Al-Haram (sa Makkah) na ginawa Naming bukas sa lahat ng tao, ang mga naninirahan dito at maging ang mga panauhin mula sa iba't ibang pamayanan ay magkakapantay**

**doon (hinggil sa kabanalan at paglalakbay (Hajj at Umrah). At sinuman ang naglalayon ng mga kasamaan doon o gumawa ng mga kamalian, siya ay palalasapin Namin ng isang mahapding parusa}. (Qur'an 22:25)**

Kaya, ang tungkulin ng Hajj sa unang bahay ng pagsamba sa Isang Diyos ay naglalaman ng mga pangunahing prinsipyo ng Paniniwala sa Isang Diyos ni Propeta Ibrahim (Abraham).

Sa pamamagitan ng pagdalaw sa natatanging bahay, ang Ka'bah, tayo ay muling nagbabalik-alaala sa pook na kinatayuan ni Propeta Ibrahim na nanawagan sa atin upang gampanan ang ipinag-uutos ng Allah. Sa pagsasagawa ng mga ritwal ng Hajj, muli nating binubuhay ang mahahalagang aspeto ng pagpapatayo ng Ka'bah ni Propeta Ibrahim at ang pagsasakripisyo ng kanyang pamilya. Sa ganitong pamamaraan, ang Hajj ay isang banal na paglalakbay ng kaluluwa tungo sa pagtalima sa Kautusan ng Dakilang Allah.

Kaya, ang Hajj ay isang pagkakataon para sa lahat ng Muslim mula sa lahat ng mga lipon, uri, pamayanan, at pamahalaan, mula sa lahat ng lupalop ng mundo na magkatipun-tipon sa taunang Hajj upang humarap sa isang Dakilang Pagtitipon. Ang oras at lugar ng pagtitipon ay itinakda ng kanilang tanging isang Diyos-ang Dakilang Allah. Ang paanyaya upang lumahok ay bukas sa bawa't Muslim. Walang sinuman ang maaaring humadlang sa

kaninumang magnais na magsagawa nito. Bawa't Muslim na lalahok ay binibigyan ng ganap na kaligtasan at kalayaan hanggang hindi siya lumalabag sa batas pangkaligtasan nito. Itong mahalagang haligi ng Islam ay naglalarawan ng isang natatanging pagkakaisa ng mga Muslim na humahawi nang anumang uri ng pagkakaiba na namamagitan sa kanila. Ang mga Muslim sa lahat ng panig ng mundo ay nakasuot ng magkakatulad na damit, tumatalima sa panawagan ng Hajj sa iisang tinig at iisang wika: Labbaika Allaahumma labbaik (Narito akong sa Iyo ay tumatalima, O! Allah).

Sa panahon ng Hajj, sadyang mayroong mahigpit na pagsasanay para sa sariling disiplina at pagpipigil na hindi lamang mga sagradong gawain ang ipinagkakapuri kundi kahit na ang buhay ng mga halaman at ibon ay ipinag-utos na huwag patayin upang ang lahat ay mamuhay sa ligtas na kalagayan. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At sinuman ang nagbibigay dangal sa mga sagradong bagay ng Allah, magkagayon, ito ay makabubuti sa kanya sa (paningin ng) kanyang Panginoon}. (Quran 22:30)**

At sinabi rin ng Dakilang Allah:

**{At siya na nagbigay dangal sa mga tanda ng Allah, katiyakan, ito ay mula sa kabanalan ng mga puso}. (Qur'an 22:32)**



# ANG HULING PANANALITA

Nawa'y makapagbigay ito ng kaalaman para sa lahat ng mga mambabasa at maging daan ito upang magkarooon ng magandang ugnayan ang lahat tungo sa pagkakaisa at pag-uunawaan.

Ang sangkatauhan ay nagmula kay Adam at si Adam ay nilikha sa lupa. Walang kaibahan ang sangkatauhan sa bawa't isa maliban sa sukat ng kabutihan at tapat na pagsamba sa Dakilang Tagapaglikha- ang Allah.

IslamHouse.com

IslamHouseTl islamhouse.com/tl/ islamhouse.com/tl/

user/IslamHouseTl

For more details visit
www.GuideToIslam.com

GUIDE TO ISLAM

contact us :Books@guidetoislam.com

Guidetolslam.org Guidetoislam1 Guidetoislam www.Guidetoislam.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧


ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126

# ANG KASAYSAYAN NG KA'BAH SA MAKKAH

(Ang Unang Bahay-Dalanginan sa Balat ng Lupa)

Ang Mahalagang aklat na ito ay tungkol sa kasaysayan ng Ka'bah sa Makkah (Ang unang bahay-dalanginan sa balat ng Lupa) sa wikang Tagalog, kasamang tinalakay dito ng may-akda ang gitnang silangan kung saan naroon ang Ka'bah na itinutruing na pinagpalang pook, na pook ng mga Sugo at Propeta.




IslamHouse.com
مركز أصول
Osoul Center
www.osoulcenter.com